# Espesyal na Halalan sa Mayo 2025

# Pamplet sa Wikang Tagalog para sa mga Botante ng Washington County

# Washington County Pamplet para sa mga Botante

## Pagboto sa pamamagitan ng Koreo
## Halalan para sa Espesyal na Distrito
## Mayo 20, 2025

### PAUNAWA

Ito ang pamplet para sa mga botante ng iyong county. Iniimprenta ng Halalang Pang-county ng Washington (Washington County Elections) ang impormasyon gaya ng naisumite. Hindi namin itinatama ang pagbaybay ng salita, bantas, gramatika, sintaks, mga mali o hindi tumpak na impormasyon. Ang pamplet na ito ay naglalaman ng impormasyon para sa ilang distrito at maaaring may mga kandidato/panukalang-batas na hindi kasama sa iyong balota. Kung mayroon kang anumang mga katanungan, tumawag sa 503-846-5800.

### Washington County
### Lupon ng Mga Komisyonado ng County (Washington County Board of County Commissioners)

Kathryn Harrington, Chair
Nafisa Fai, ika-1 Distrito
Pam Treece, ika-2 Distrito
Jason Snider, ika-3 Distrito
Jerry Willey, ika-4 na Distrito

**Dibisyon ng mga Halalan**
**2925 NE Aloclek Dr #170**
**Hillsboro, OR 97124-7523**

**www.washcovotes.org**

# Impormasyon sa Rehistrasyon ng Botante

## Pag-rehistro para Makaboto

Kwalipikado kang mag-rehistro para makaboto sa Oregon kung masasagot mo ng oo ang mga sumusunod na tanong:

- Ikaw ba ay residente ng Oregon?
- Ikaw ba ay isang mamamayan ng US?
- Ikaw ba ay hindi bababa sa 16 na taong gulang?

*Kung ikaw ay 16 na taong gulang, hindi ka makatatanggap ng balota hanggang sa may maganap na isang halalan sa o pagkatapos ng iyong ika-18 kaarawan.*

## Paano mag-rehistro

Maaari kang online na mag-rehistro para makaboto sa **oregonvotes.gov** o kumuha ng kard ng rehistrasyon ng botante sa alinman sa mga sumusunod na lugar:

- Anumang Tanggapan para sa Halalang Pang-county
- Tanggapan ng Kalihim ng Estado
- Ilang ahensya ng estado tulad ng Dibisyon ng Mga Sasakyang De-motor
- Isang kampanya para sa rehistrasyon ng botante
- Ilang lokasyon ng Serbisyo sa Koreo ng Estados Unidos
- Mga Aklatan

Pagkatapos kumpletuhin ang iyong kard ng rehistrasyon, ipadala sa koreo o dalhin ito nang personal sa aming tanggapan.

Ang huling araw para sa mga bagong rehistrasyon at pagbabago ng partido ay 21 araw bago ang Araw ng Halalan.

## Anong impormasyon ang kailangan para mag-rehistro?

Upang makumpleto ang iyong rehistrasyon, kailangan mong ibigay ang iyong:

- Buong legal na pangalan
- Tirahan (address)
- Address para sa koreo (kung naaangkop)
- Petsa ng kapanganakan
- Lagda
- Numero ng Lisensya sa Pagmamaneho sa Oregon, numero ng Kard ng Pagkakakilanlan (ID), o numero ng Social Security

### Rehistrado ba Ako Para Makaboto?

Maaari mo nang tingnan ang iyong rehistrasyon online: www.oregonvotes.gov
Para sa higit na impormasyon tungkol sa pagboto sa Oregon
TUMAWAG SA
1-866-ORE-VOTE/673-8683

PUMUNTA SA **www.oregonvotes.gov**

TTY 1-800-735-2900 para sa mga may kapansanan sa pandinig

# Impormasyon ng Botante

### Balota para sa Pagboto nang Nakaliban

**I-update ang iyong rehistrasyon kung wala ka sa bahay.**

Hindi ipadadala ng post office ang iyong balota.

Maaari kang humiling ng **balota para sa pagboto nang nakaliban** kung hindi ka uuwi sa panahon ng halalan. Ipadadala ang balota sa alternatibong address na iyong ibibigay.

Para sa higit na impormasyon tungkol sa pagboto sa Oregon


1-866-ORE-VOTE/673-8683

PUMUNTA SA **www.oregonvotes.gov**


TTY 1-800-735-2900 para sa mga may kapansanan sa pandinig

### Kumpletuhin ang iyong balota

Maingat na basahin at sundin ang lahat ng tagubilin na nakalathala sa iyong balota.




Upang bumoto, ganap na punan ang bilog sa tabi ng iyong napili.




Para sa pagsama ng pangalan ng isang kandidato:

- Malinaw na i-print ang pangalan ng kandidato sa blangkong linya na nakalagay sa balota
  **-at-**
- Punan ang bilog sa tabi ng pangalan na isinama mo

Hindi mo kailangang botohan ang lahat ng labanan. Bibilangin pa rin ang mga iboboto mo.

## Suriin kung may mga mali

Kung bumoto ka nang mahigit sa isang opsyon, ang iyong boto **ay hindi mabibilang** para sa kandidato o panukalang-batas na iyon.




## Suriing mabuti ang iyong balota

Hindi mo maaaring baguhin ang iyong boto pagkatapos mong ibalik ang iyong balota.

Makipag-ugnayan sa Halalang Pang-county ng Washington (Washington County Elections) sa **(503) 846-5800** o sa **elections@washingtoncountyor.gov** para humiling ng pamalit na balota kung:

- nagkamali ka
- nawala mo ang iyong balota
- nasira o namarkahan nang hindi tama ang iyong balota
- o sa anumang iba pang dahilan

## Balota sa Alternatibong Format (Alternate Format Ballot AFB)

Ang AFB ay isang tool sa pagboto na nagpapahintulot sa isang botante na may mga kapansanan na bumoto nang pribado at independiyente.

Para sa higit na impormasyon tungkol sa Balota sa Alternatibong Format, makipag-ugnayan sa Dibisyon ng mga Halalang Pang-County ng Washington (Washington County Elections Division) sa 503-846-5800 o puntahan ang aming website sa**www.washcovotes.org**

## Labag sa batas ang:

- lagdaan ang sobre para sa pagbalik ng balota ng ibang tao para sa kanila
- bumoto ng higit sa isang beses sa isang halalan o magsumite ng dinayang balota
- magsumite ng balota kung hindi ka legal na kwalipikadong gawin ito
- mamilit, manggigipit o kung hindi man ay labis na impluwensiyahan ang ibang botante
- magbenta, mag-alok na magbenta, bumili, o mag-alok na bumili ng balota ng ibang botante
- hadlangan ang pasukan ng isang gusali kung saan matatagpuan ang booth ng pagboto o opisyal na lugar para sa pagsumite ng balota
- sirain ang anyo, alisin, baguhin, o wasakin ang balota ng ibang botante, isang nakapaskil na paunawa tungkol sa halalan, o mga kagamitan o suplay para sa halalan
- subukang mangolekta ng mga hinulog na balota sa loob ng 100 talampakan mula sa isang opisyal na lugar para sa pagsumite ng balota
- magtatag ng isang lugar ng drop box nang walang ipinakikitang karatula na nagsasabing “Not An Official Ballot Drop site” (Hindi Opisyal na Lugar para sa Pagsumite ng Balota)

Ang anumang paglabag sa mga natukoy na mga batas na panghalalan ay sumasailalim sa mga parusa mula sa mga Parusang Sibil (Hanggang $250 bawat Paglabag), Class A na mga Maliliit na Krimen, o Class C na mga Mabibigat na Krimen.

Para sa higit na impormasyon tungkol sa pagboto sa Oregon o kung sa tingin mo ay nalabag ang iyong mga karapatan bilang isang botante:
**oregonvotes.gov**

**1 866 673 VOTE / 1 866 673 8683** se habla español
1 800 735 2900 *para sa mga may kapansanan sa pandinig*

## Nakalimbag ang mga pahayag tungkol sa kandidatoat pahayag ukol sa panukalang-batas tulad ng naisumite

Hindi sinusuri ng Washington County ang impormasyong isinumite ng mga kandidato at taga-file ng pahayag ukol sa panukalang-batas. Ang hindi tumpak o maling impormasyon ay hindi itinatama.

# Mga Lugar para sa Pagsumite ng Balota sa Washington County

**Ibalik ang iyong hinulog na balota sa isang opisyal na drop box bago mag-8 pm sa Araw ng Halalan. Hindi kailangan ng bayad sa koreo.**

Ang lahat ng opisyal na mga drop box na nakalista sa ibaba ay bukas 24 na oras sa isang araw hanggang sa deadline na 8 p.m. sa Araw ng Halalan.

**ALOHA:**
**Aklatang Pang-komunidad ng Aloha (Aloha Community Library)**
17455 SW Farmington Rd Ste. 26A
Aloha, OR 97007

**BANKS:**
**Munisipyo/Aklatan ng Banks (Banks City Hall/Library)**
42461 NW Market St
Banks, OR 97106

**LUGAR NG BEVEARTON:**
**Lungsod ng Beaverton** (Malapit sa Aklatan)
Sa Tabi ng Kalsada sa Hall Blvd (Sa gitna ng 3rd & 5th St)
Beaverton, OR 97005

**Aklatang Panlungsod ng Beaverton (Beaverton Library)-Murray Scholls**
11200 SW Murray Scholls Place, Ste. 102
Beaverton, OR 97007

**Aklatan ng Bethany (Bethany Library)**
15325 NW Central Dr Ste J-8
Portland, OR 97229

**Aklatang Pang-komunidad ng Cedar Mill (Cedar Mill Community Library)**
1080 NW Saltzman Rd
Portland, OR 97229

**Silangang Sentro ng Serbisyo (Service Center East) ng Washington County**
3700 SW Murray Blvd
Beaverton, OR 97005

**Aklatang Pang-komunidad ng West Slope (West Slope Community Library)**
3678 SW 78th Ave

Portland, OR 97225

**CORNELIUS:**
**Munisipyo ng Cornelius (Cornelius City Hall)**
1355 N. Barlow St
Cornelius, OR 97113

**FOREST GROVE:**
**Aklatang Panlungsod ng Forest Grove (Forest Grove City Library)**
Pacific Ave & Birch St
Forest Grove, OR  97116

**GARDEN HOME:**
**Aklatang Pang-komunidad ng Garden Home (Garden Home Community Library)**
7475 SW Oleson Rd.
Portland, OR 97223

**HILLSBORO:**
**Pangunahing Aklatan ng Hillsboro (Hillsboro Main Library)**
2850 NE Brookwood Pkwy
Hillsboro, OR 97124

**Pampublikong Aklatan ng Hillsboro (Hillsboro Public Library)-Shute Park**
775 SE 10th Ave
Hillsboro, OR 97123

**Parking Lot ng Gusali para sa Mga Pampublikong Serbisyo (Public Services Building)**
155 N 1st Ave
Hillsboro, OR 97124

**Tanggapan para sa Halalang Pang-county ng Washington (Washington County Elections Office)**
2925 NE Aloclek Dr #170
Hillsboro, OR 97124

**Westside Commons**
801 NE 34th Ave
Hillsboro, OR 97124

**LUNGSOD NG KING:**
**Munisipyo**
15300 SW 116th Ave

King City, OR 97224

**NORTH PLAINS:**
**Munisipyo ng North Plains (North Plains City Hall)**
31360 NW Commercial St
North Plains, OR 97133

**SHERWOOD:**
**Munisipyo ng Sherwood (Sherwood City Hall)**
22560 SW Pine St
Sherwood, OR 97140

**TIGARD:**
**Munisipyo ng Tigard (Tigard City Hall)**
13125 SW Hall Blvd
Tigard, OR 97223

**TUALATIN:**
**Munisipyo ng Tualatin (Tualatin City Hall)**
18880 SW Martinazzi Ave
Tualatin, OR 97062

I-scan ang QR code na ito
para makita sa mapa ang mga lokasyon ng lugar ng drop box:

Maaari mong ihulog ang iyong balota sa alinmang opisyal na drop box ng balota o sa tanggapan para sa pangangasiwa ng mga halalan sa Estado ng Oregon.

# Panukalang-Batas 26-259 – Distrito ng Paaralan 1J ng Portland (Portland School District 1J)

**Mga Bond para Mapabuti ang Kalusugan, Kaligtasan, at Pag-aaral; Gawing makabago, Ayusin ang mga Paaralan**

**Tanong:** Dapat bang ayusin at gawing makabago ang Mga Pampublikong Paaralan ng Portland (Portland Public Schools); paigtingin ang kalusugan at kaligtasan; sa pamamagitan ng pag-isyu ng mga bond na tinatayang mapapanatili ang kasalukuyang antas ng buwis?

Kung maaprubahan ang mga bond, babayaran ang mga ito mula sa mga buwis sa ari-arian o pagmamay-ari ng ari-arian na hindi napapailalim sa mga limitasyon ng seksyon 11 at 11b, Artikulo XI ng Konstitusyon ng Oregon.

**Buod:** Pinahihintulutan ng panukalang-batas ang hanggang $1.83 bilyong halaga ng prinsipal ng mga pangkalahatang bond sa obligasyon para sa mga pasilidad at pamumuhunan sa edukasyon.

Kung maaprubahan, tutustusan ng panukalang-batas na ito ang mga minsanang gastusin sa pamumuhunan (capital costs), kabilang ang:

**Pag-update, Pag-aayos ng mga Nalulumang Paaralang Elementarya at Middle School:**

- I-update/palitan ang mga pangunahing sistema ng gusali, kabilang ang mga bubong, tabike, pagpapainit/pagpapalamig

**Pagtiyak ng Kaligtasan at Seguridad sa mga Paaralan:**

- I-update ang mga sistemang pangkaligtasan, panseguridad
- Mga pag-upgrade ng istruktura laban sa lindol

**Pagsagawa ng modernisasyon, Pagpapahusay ng mga Materyales Pang-edukasyon, Teknolohiya at mga Paaralan:**

- Ayusin/palitan ang mga pasilidad ng paaralan, kabilang ang Cleveland at Ida B. Wells (dating Wilson)
- I-upgrade ang mga materyales sa kurikulum, teknolohiya, kabilang ang mga device para sa mag-aaral

**Pagdagdag ng mga Oportunidad sa Extracurricular:**

- I-upgrade/palawakin ang mga pasilidad pampalakasan (athletic facilities) sa mga high school; gumawa ng mga sentrong pampalakasan (athletic hub) sa buong distrito sa Jackson, Marshall
- I-update ang mga pasilidad pang-sining pantanghalan/teatro

Kailangang may pananagutan/pangangasiwa ng komunidad; mga independiyenteng pag-audit ng mga proyekto at paggasta

Maaaring mag-isyu ng isa o higit pang serye ng mga bond, ang bawat serye ay magma-mature sa loob ng o wala pang 30 taon.

Dahil sa bumababang bayarin sa utang (debt service), ang panukalang-batas ay hindi inaasahang magpapataas sa antas ng buwis sa bond ng PPS nang higit sa $2.50/$1000 ng tinasang halaga, ang antas na pinupunterya mula pa noong 2017 na bond. Maaaring mag-iba ang aktuwal na mga antas batay sa mga antas ng interes at pagbabago sa tinasang halaga.

**Pagpapaliwanag na Pahayag:**

Kung maaprubahan, ang panukalang-batas na ito ay magbibigay-daan sa mga Pampublikong Paaralan ng Portland (Portland Public Schools) para patuloy na bigyang-priyoridad ang mga paaralang nangangailangan ng malawakang pag-aayos at pagpapalit upang matugunan ang mga panganib sa kaligtasan at ayusin ang mga nasisirang imprastraktura.

Ang panukalang-batas na ito ay hindi inaasahang magpapataas sa mga antas ng buwis nang higit sa level na pinunterya ng 2017 na bond.

Noong 2012, 2017, at 2020, inaprubahan ng mga botante ang mga capital bond na pinondohan ang mga pagpapaayos sa maraming lumang gusali ng mga Pampublikong Paaralan ng Portland (Portland Public Schools), na nagdulot ng mga makabago, mas ligtas na lugar para sa pag-aaral ng mga estudyante.

Simula 2012, ang programa sa bond ay ganap na nakapag-modernisa ng walong paaralan, at may tatlo pang idinidisenyo. Bukod dito, tinugunan ng programa sa bond ang ilang mga pangangailangan sa imprastraktura sa bawat paaralan sa buong Distrito.

Kabilang sa mga naunang pamumuhunan:

- Ang Roosevelt, McDaniel, Franklin, Grant, Benson, at Lincoln High Schools, Kellogg Middle School, Faubion PK-8, at gusali ng Multiple Pathways to Graduation ay ganap na na-modernisa.

- Ang ganap na modernisasyon ng Jefferson, Ida B. Wells, at Cleveland High Schools ay kasalukuyang idinidisenyo.

- Mga pagpapahusay sa kalusugan at seguridad, kasama ang:
  - Pagpapalit ng mga tubo upang mabawasan ang tingga at mapabuti ang kalidad ng tubig;
  - Pag-alis o pagtatakip sa nakalantad na pintura na may tingga at asbestos;
  - Pag-upgrade ng mga sistema ng alarma sa sunog at sprinkler;
  - Pag-aayos o pagpapalit ng mga bubong na may tagas o nasisira na;
  - Pagkontrol sa pagkakalantad sa radon;
  - Pagpapaigting ng kaligtasan at seguridad sa paaralan.

- Mga pagpapahusay sa edukasyon, kabilang ang:
  - Pag-upgrade sa mga laboratoryong pang-agham;
  - Pagpapahusay ng teknolohiya;
  - Mga bagong materyales sa kurikulum.

- Mga pagpapahusay sa pagiging madaling gamitin (ng mga pasilidad) para sa mga bata at matatanda na may kapansanan.

**<u>Ano ang Popondohan ng Iminungkahing 2025 na Bond?</u>**

Kung maaprubahan, tutugunan ng pondo mula sa bond ang mga karagdagang pangangailangan sa gusali, kalusugan, kaligtasan, at pagkatuto sa mga paaralan sa buong Distrito, habang ipinagpapatuloy ang plano ng PPS na komprehensibong tugunan ang mga pangangailangang pampasilidad sa pamamagitan ng pangmatagalang pagpapabuti sa lahat ng ating paaralan.

Kung maaprubahan, ang pondo mula sa bond ay:

**Gagamitin sa pag-update at pag-aayos ng mga Naluluma nang Paaralang Elementarya at Middle School:**

- I-update o palitan ang mga bubong ng paaralan na may tagas at nasisira na, mga sistemang mekanikal (pagpapainit at pagpapalamig), at iba pang pagpapaayos sa gusali

**Pagtiyak ng Kaligtasan at Seguridad sa mga Paaralan:**

- I-update ang mga sistemang pangkaligtasan at panseguridad - kabilang ang mga karagdagang camera, pagbabakod para protektahan ang mga mag-aaral at kawani

- Mga pag-upgrade ng istruktura laban sa lindol

**Gagamitin para Magsagawa ng modernisasyon, Pahusayin ang mga Materyales Pang-edukasyon, Teknolohiya at mga Paaralan:**

- Ayusin/palitan ang mga pasilidad ng Cleveland at Ida B. Wells (dating Wilson) High Schools
- Gamitin ang anumang matitipid sa gastos mula sa pagpapabuti ng mga pasilidad ng high school para i-update/ayusin ang mga paaralang elementarya at middle school
- Maglaan ng mga materyales sa kurikulum na komprehensibo, naaayon sa kultura, at napapanahon sa mga pangunahin at karagdagang aralin
- Palitan o magbigay ng mga tablet at laptop sa mga mag-aaral upang magkaroon ng pantay na pag-akses sa pagkatuto sa loob ng silid-aralan, at i-update ang teknolohiya sa mga silid-aralan at Distrito

**Pagdagdag ng mga Oportunidad sa Extracurricular:**

- I-upgrade ang mga pasilidad pampalakasan (athletic facilities), kabilang ang mga kinakailangang pagpapabuti para sa Roosevelt, Lincoln, Franklin at Grant at gumawa ng mga pasilidad para sa sentrong pampalakasan (athletic hub) sa Jackson Middle School at  Marshall campus.
- I-update ang mga pasilidad pang-sining pantanghalan/teatro.

**<u>Magkano ang Aabutin ng mga Bond?</u>**

Dahil nakatakdang bumaba ang antas ng buwis sa mga kasalukuyang bond, hindi inaasahang lalampas ang antas ng buwis sa bond ng PPS sa dating estimasyon na $2.50 kada $1000 ng tinasang halaga. Ang kabuuang halaga ng prinsipal ng mga bond na pinahihintulutan ng panukalang-batas na ito ay hindi maaaring lumampas sa $1.83 bilyon.

**<u>Pangangasiwa at Pananagutan</u>**

Susuriin ng isang independiyenteng grupo ng mga miyembro ng komunidad ang mga quarterly report at pag-audit kung paano ginagastos ang pondo mula sa bond upang tiyaking may pananagutan sa publiko hanggang sa makumpleto ang konstruksiyon.

*Ang impormasyong ito ay ibinigay ni:* Dr. Kimberlee Armstrong, Superintendent
Mga Pampublikong Paaralan ng Portland (Portland Public Schools)

# Panukalang-Batas 34-342 – Distrito ng Paaralan Blg. 23J ng Tigard-Tualatin (Tigard-Tualatin School District No. 23J)
# Mga County ng Washington at Clackamas, Oregon

**Mga bond para sa pagpapaigting ng kaligtasan, seguridad; pag-modernisa sa mga paaralan, teknolohiya; pagpapaayos, pag-update ng mga pasilidad**

**Tanong:** Dapat bang paigtingin ng Distrito ang kaligtasan, palakasin ang pagiging madaling gamitin (ng mga pasilidad); ayusin ang mga pasilidad; gawing makabago, palitan ang mga paaralan; mag-isyu ng $421.3 milyong bond; kailangan ba ang pangangasiwa ng mamamayan, mga pag-audit?

Kung maaprubahan ang mga bond, babayaran ang mga ito mula sa mga buwis sa ari-arian o pagmamay-ari ng ari-arian na hindi napapailalim sa mga limitasyon ng seksyon 11 at 11b, Artikulo XI ng Konstitusyon ng Oregon.

**Buod:** Hinahangad ng Distrito ng Paaralan ng Tigard-Tualatin (Tigard-Tualatin School District) ang pag-apruba ng mga bond na may halaga ng prinsipal na $421.3 milyon para tustusan ang mga minsanang gastusin sa pamumuhunan, kabilang ang:

**Mga Paaralang Ligtas, May Seguridad, May Pasilidad na Madaling Gamitin:**

- Mga bago o na-upgrade na mga camera, pagkontrol sa pag-akses, sistema ng alarma sa sunog, pagbabakod, hardware ng mga pintuan.
- Pag-ibayuhin ang pagiging madaling gamitin (ng mga pasilidad).

**Pag-update ng mga Nalulumang Gusali, Pangangalaga ng mga Pasilidad:**

- Palitan/ayusin ang mga bubong, tabike, tubo ng tubig, sahig, mga bintana, kuryente, HVAC, mga sistema ng pagpapailaw.

**Pagsagawa ng Modernisasyon sa Edukasyon, Pagpapaganda ng mga Silid-aralan:**

- Papalitan ang Fowler Middle School (itinayo noong 1974), dahil sa mga nasisira nang sistema ng gusali at malalaking problema sa istruktura, kaya mas makakatipid kung papalitan ang mga ito kaysa ayusin.
- Pagpapaayos sa mga Paaralang Elementarya ng Bridgeport, Byrom, Durham, at Mary Woodward (Bridgeport, Byrom, Durham, and Mary Woodward Elementary Schools).
- Pag-upgrade sa kurikulum, teknolohiya sa buong distrito.
- Pagbibigay-solusyon sa bentilasyon, natural na liwanag, akustiks.

**Karagdagang mga Proyekto:**

- Mga field, palaruan, kasangkapan, kagamitan.
- Maglagay/magpalit ng damo (turf), pagpapailaw sa field.

Kailangan ang komite sa pangangasiwa ng bond ng komunidad, mga regular na pag-audit.

Makatatanggap ang Distrito ng $8,281,105 katumbas na kaloob mula sa estado kapag naaprubahan ang panukalang-batas.

**Mga Detalye ng Bond:**

- Maaaring mag-isyu ng maraming serye ng bond na magma-mature sa loob ng 21 taon mula sa panahon ng pag-isyu.
- Ang tinatayang pagtaas sa antas ng buwis ng bond sa FY 2025 ay $0.99 kada $1000 ng tinasang halaga ng ari-arian.
- Ang aktuwal na antas ng ipapataw na buwis ay maaaring mag-iba dahil sa mga pagbabago sa mga antas ng interes at/o pagtatasa ng mga ari-arian.

**Pagpapaliwanag na Pahayag:**

Ang Distrito ng Paaralan ng Tigard-Tualatin (Tigard-Tualatin School District TTSD) ay naglilingkod sa humigit-kumulang 11,000 mag-aaral sa buong Tigard, Tualatin, at mga karatig na komunidad. Nagpapatakbo ang TTSD ng 17 gusaling pampaaralan: 11 paaralang elementarya, 3 middle school, at 3 high school.

**<u>Pagpapatuloy sa Pamumuhunan ng ating Komunidad sa Ating Mga Paaralan</u>**

Kinakatawan ng bond na ito ang susunod na hakbang sa programa ng pagpapagawa na idinisenyo para tugunan ang patuloy na mga pangangailangan sa pagpapaayos, modernisasyon, at pag-unlad sa Distrito ng Paaralan ng Tigard-Tualatin (Tigard-Tualatin School District).

Naipasa ng mga botante ng TTSD ang isang $291.315 milyong bond noong Nobyembre 2016 na pumondo sa mga proyektong iminungkahi ng isang komite ng mga magulang at kawani at pinagtibay ng Lupon ng Paaralan. Kabilang dito ang isang bagong paaralang elementarya, muling pagtatayo ng dalawang paaralan, pag-update sa Tigard High at Tualatin High, at pagdaragdag ng mga espasyong panseguridad (secure vestibules) sa bawat paaralan.

**<u>2025 na Bond: Pamumuhunan sa Ating mga Paaralan para Magbigay ng Ligtas at Makabagong mga Lugar sa Pag-aaral</u>**

Pinag-aralan ng isang pangmatagalang komite sa pagpaplano ng mga pasilidad na binubuo ng mga miyembro ng komunidad, kawani ng distrito, at mga tagapayo, ang

mga pangangailangang pampasilidad ng distrito nang mahigit dalawang taon. Binigyang priyoridad sa kanilang report na may 200-pahina ang mga gusali at sistema na higit na kailangang ayusin upang suportahan ang kaligtasan at mga kapaligiran sa pag-aaral ng mga estudyante. Ginamit ng distrito at ng Lupon ng Paaralan ang report na ito para buuin ang 2025 na Bond.

Mula sa iminungkahing $421.3 milyong bond, popondohan ang mga pag-aayos na higit na binibigyang priyoridad, gagawing makabago ang mga pasilidad ng paaralan, at pagagandahin ang mga kapaligiran sa pag-aaral habang tinitiyak na ang mga paaralan ay mananatiling ligtas, kumportable, at walang mga pagtagas.

**Katumbas na mga Pondo mula sa Estado**

Ang distrito ay makatatanggap ng **$8,281,105 katumbas na kaloob mula sa estado**, ngunit posible lamang ito kung maaprubahan ang panukalang-batas.

**Mga Iminungkahing Proyekto kaugnay ng Bond**

**Tiyakin ang seguridad: Paigtingin ang Kaligtasan sa Paaralan**

- Tiyakin ang seguridad sa mga kampus para kontrolado ang pag-akses at maging mas ligtas ang mga mag-aaral at kawani.
- Maglagay o i-upgrade ang mga security camera at sistema ng pagkontrol sa pag-akses.
- I-update ang mga hardware ng mga pintuan upang umayon sa mga makabagong pamantayang pangkaligtasan.
- I-upgrade ang mga sistema ng pamatay-sunog (fire sprinkler) at alarma.
- Maglagay ng mga matipid at mahusay na sistema ng HVAC na may filtration upang matugunan ang mga problema sa kalidad ng hangin, pati na usok mula sa mga malawakang sunog.
- Pahusayin ang pagiging madaling gamitin (ng mga pasilidad) alinsunod sa mga panuntunan ng ADA.

**Ayusin: Lutasin ang Problema sa mga Nalulumang Imprastruktura**

Maraming gusaling pampaaralan ng TTSD ang nangangailangan ng pag-aayos at pag-update upang matiyak na manatiling ligtas at maayos ang mga ito. Popondohan ng bond na ito ang:

- Pagpapalit o pag-aayos ng mga bubong, tabike, tubo ng tubig, at sahig.
- Modernisasyon ng mga bintana, kuryente, at mga sistema ng pagpapainit, bentilasyon, at pagpapalamig (HVAC).

- Instalasyon ng mga ilaw na matipid sa enerhiya upang mabawasan ang mga gastos sa pagpapatakbo.

**Mag-handa: Gawing Makabago ang mga Kapaligiran sa Pag-aaral**

- Palitan ang Fowler Middle School, na itinayo noong 1974, na may problema sa istruktura at mekanikal na sira.
- Ayusin ang apat sa mga pinakamatandang paaralang elementarya ng distrito: Bridgeport, Byrom, Durham, at Mary Woodward.
- I-update ang kurikulum at teknolohiyang pang-silid-aralan upang umayon sa ika-21 siglo na paraan ng pag-aaral.
- I-upgrade ang mga lugar para sa sports at sining pantanghalan upang mapahusay ang mga programa para sa mga mag-aaral.

**Pangangasiwa at Pananagutan ng Mamamayan**

Kung maipasa, ang panukalang-batas sa bond ay sasailalim sa pangangasiwa sa pananalapi. Titiyakin ng isang independiyenteng Komite sa Pangangasiwa ng Bond (Bond Oversight Committee) na pinamumunuan ng mga mamamayan na ang mga pondo ay ginagastos nang tama at naaayon sa mga proyektong inaprubahan ng mga botante. Tungkulin ng komite na:

- Tiyaking ang pondo mula sa bond ay ginagamit lamang sa mga proyektong naaprubahan.
- Suriin ang mga quarterly report ng paggasta para mabantayan ang pagsunod sa mga obligasyon kaugnay ng bond.

**Mga gastos**

Kung maipasa, ang bond na ito ay inaasahang magdudulot ng karagdagang gastos sa mga may-ari ng ari-arian na $0.99 kada $1000 ng tinasang halaga ng ari-arian sa antas ng buwis ng bond ng FY 2025. Ang aktuwal na antas ng ipapataw na buwis ay maaaring mag-iba dahil sa mga pagbabago sa mga antas ng interes at/o pagtatasa ng mga ari-arian.

*Ang impormasyong ito ay ibinigay ni:* Jessica Seay, Punong Opisyal sa Pananalapi

# Panukalang-Batas 34-343 – Lungsod ng Forest Grove (City of Forest Grove)

**Pangkalahatang Bond sa Obligasyon para mapalitan ang kasalukuyang pasilidad ng pulisya**

**Tanong:** Dapat bang mag-isyu ang Forest Grove ng mga pangkalahatang bond sa obligasyon na hindi lalampas sa $29.5 milyong halaga ng prinsipal para sa isang bagong pasilidad ng pulisya? Kung maaprubahan ang mga bond, babayaran ang mga ito mula sa mga buwis sa ari-arian o pagmamay-ari ng ari-arian na hindi napapailalim sa mga limitasyon ng seksyon 11 at 11b, Artikulo XI ng Konstitusyon ng Oregon.

**Buod:** Ang pag-apruba sa panukalang-batas na ito ay magpapahintulot sa Lungsod ng Forest Grove (City of Forest Grove) na mag-isyu ng hanggang $29.5 milyon na mga pangkalahatang bond sa obligasyon upang magtayo ng bagong pasilidad ng pulisya sa lugar ng Lungsod.

Ang orihinal na pasilidad ay itinayo noong 1977. Mula noon, lumaki ang kagawaran mula sa 12 tauhan, naging 40 ito, samantalang hindi lumaki ang pasilidad. Mas magastos ayusin o palakihin ang orihinal na pasilidad kaysa gumawa ng bagong pasilidad. Popondohan ng mga bond ang mga minsanang gastusin sa pamumuhunan (capital costs), kabilang ang:

- Pagdaragdag ng lugar para sa mga ebidensya
- Paggawa ng isang ligtas na lugar para makapanayam ang mga biktima
- Pagtiyak na magkahiwalay ang mga nasa hustong gulang at menor de edad na nagkasala
- Pagbibigay ng pag-akses para sa mga may kapansanan
- Pagtalima sa mga panuntunan ukol sa lindol at gusali
- Ligtas na paradahan para sa mga sasakyan at kagamitan ng pulisya
- Mga pag-aayos sa lugar, demolisyon, at mga kasangkapan

Ang antas ng ipapataw na buwis ay $0.77 kada $1000 ng tinasang halaga. Ang tinatayang halaga ng mga bond ay humigit-kumulang $263 kada taon para sa karaniwang tinasang halaga ng bahay. Maaaring mag-iba ang aktuwal na halagang ipapataw dahil sa mga panghuling antas ng interes at pagbabago sa tinasang halaga. Maaaring mag-isyu ng maraming serye ng bond na magma-mature sa loob ng o wala pang 21 taon mula sa panahon ng pag-isyu.

**Pagpapaliwanag na Pahayag:**
Popondohan mula sa mga nalikom sa bond na ito ang isang bagong pasilidad ng pulisya para sa Kagawaran ng Pulisya ng Forest Grove (Forest Grove Police Department). Itinayo ang kasalukuyang pasilidad ng pulisya noong 1977. Mula noon, lumaki ang kagawaran ng pulisya mula sa 12 tauhan, naging 40 ito, samantalang hindi naman lumaki ang 12,120-kuwadradong talampakan na pasilidad.

Ginagamit ng mga pulis ang pasilidad ng pulisya upang mag-imbestiga ng mga kaso, ingatan at iproseso ang mga ebidensya, pansamantalang idetene at ihabla ang mga nagkasala, kausapin ang mga biktima, interbyuhin ang mga suspek, magsanay sa kasalukuyang mga pamamaraan at proseso, magsulat ng mga report, pangalagaan ang mga patrol vehicle at kagamitan.

Sa 2016 na Pagsusuri sa mga Pangangailangang Pampasilidad ng Pulisya, natukoy ang 34 na matinding kakulangan, kabilang ang:

- Walang sapat na espasyo para sa pagproseso at pagtago ng mga ebidensya, na maaaring makasira sa mga kaso.
- Kakulangan ng ligtas at pribadong lugar para makapanayam ang mga biktima na maaaring marinig ng iba ang mga sensitibong impormasyon.
- Kakulangan ng sapat na pagbubukod sa pagitan ng mga nasa hustong gulang at menor de edad na nagkasala, alinsunod sa batas ng estado.
- May mga limitasyon sa pagiging madaling gamitin patungo sa mga kritikal na lugar para sa mga taong may kapansanan.
- Hindi nakakatalima sa kasalukuyang Americans with Disabilities Act, mga panuntunan ukol sa gusali at pangkaligtasan sa lindol.
- Walang sapat na ligtas na paradahan para sa mga sasakyan at kagamitan ng pulisya.
- Kawalan ng kakayahang palawakin o baguhin ang kasalukuyang gusali nang hindi gagastos nang malaki.

Noong 2018, isang Alternatives Analysis ang isinagawa para suriin kung dapat baguhin, palawakin, o palitan ang kasalukuyang pasilidad. Kabilang sa mga natuklasan:

- Ang pag-remodel o pagpapalawak ng kasalukuyang gusali ay hindi praktikal at mas mahal kaysa sa pagtatayo ng isang bagong pasilidad.
- Hindi kakayanin ng kasalukuyang istruktura ang pagkakaroon ng ikalawang palapag.
- Hindi nakakatalima sa kasalukuyang mga panuntunan ukol sa gusali at pamantayang pangkaligtasan.
- Hindi sapat ang laki ng lote para mapalawak ang gusali at magkaroon ng ligtas na paradahan.

Batay sa mga natuklasang ito, nagdisenyo ang Mackenzie Architecture ng isang bagong pasilidad ng pulisya. Sa pamamagitan ng value engineering, binawasan ang sukat ng pasilidad mula sa humigit-kumulang 25,000 kuwadradong talampakan, naging 21,500 ito para mapababa ang gastos. Ang bagong pasilidad ay mas malaki ng mga 45% sa kasalukuyang istruktura. Ang disenyo ay nagtatampok ng:

- Mas malaking espasyong paglalagyan ng mga ebidensya at rekord kung saan may kontroladong temperatura para mapangalagaan ang integridad ng mga ebidensya.
- Mga inilaan, pribado, at ligtas na mga lugar kung saan ginaganap ang pakikipanayam sa mga biktima at pamilya.
- Hiwalay na mga lugar para sa pagdetene sa mga nasa hustong gulang at menor de edad na nagkasala alinsunod sa batas ng estado at upang matugunan ang mga isyung pangkaligtasan.
- Pagiging madaling gamitin para sa lahat sa pamamagitan ng pagsunod sa kasalukuyang mga pamantayan ng ADA.
- Nakakatalima sa lahat ng kasalukuyang panuntunan ukol sa gusali at pangkaligtasan sa lindol.
- Ligtas na paradahan upang maprotektahan ang mga sasakyan at kagamitan.
- Sapat na espasyo para sa mga opisyal upang trabahuhin ang mga kaso at makapagsanay nang maayos.
- Natutugunan ang mga pangangailangan ng komunidad sa loob ng 40 taon o higit pa.

Makikita ang bagong pasilidad sa kanto ng 19th at Birch sa lupang pag-aari ng lungsod, na malapit sa iba pang mga pasilidad ng lungsod.    Inaasahang matatagpuan ang lugar sa gitnang lokasyon upang makapagbigay ng mas magkakaparehong oras ng pagresponde gaano man kalayo at madaling maakses ng publiko. Ang bagong disenyo ay nagtatampok ng mga elemento ng kasaysayan ng Forest Grove at ang pagiging malapit nito sa kalikasan, sa pamamagitan ng paggamit ng mga materyales tulad ng ladrilyo at kahoy.

Tinatayang aabot sa $29.5 milyon ang pagpopondo para sa bagong pasilidad ng pulisya. Para sa karaniwang tinasang sambahayan, ito ay humigit-kumulang $263 kada taon o $22 kada buwan sa buong itatagal ng bond. Ang isang bagong pasilidad ng pulisya ay ang susunod na yugto sa pangmatagalang plano sa pagtatayo ng Lungsod at isang pamumuhunan para matiyak ang kaligtasan, pagiging madaling gamitin, at kahusayan sa pagpapatakbo ng Kagawaran ng Pulisya ng Forest Grove (Forest Grove Police Department).

*Ang impormasyong ito ay ibinigay ng:* Konseho ng Lungsod ng Forest Grove (Forest Grove City Council)

# Panukalang-Batas 34-344 – Lungsod ng King City (City of King City)

### Lokal na Opsyon na Singil sa Buwis para sa Pulisya at Pampublikong Kaligtasan ng Lungsod ng King City

**Tanong:** Dapat bang pondohan ng King City ang mga Serbisyo ng Kapulisan; magpataw ng buwis na 63 sentimo kada $1000 ng tinasang halaga sa loob ng 5 taon simula FY 2025-2026?

**Buod:**

NAGLALAMAN NG BOTO PARA SA PAG-RENEW NG KASALUKUYANG MGA LOKAL NA OPSYON NA BUWIS.

Noong 2020, ipinasa ng mga botante ng King City ang limang taong ipinataw na buwis para sa pulisya at mga pampublikong serbisyo. Nakatakdang magwakas ang ipinataw na buwis na iyon sa Hunyo ng taong 2025. Kung maipasa, ang panukalang-batas na ito ay magpapataw ng 63 sentimo kada $1000 ng tinasang halaga para pondohan ang pulisya at pampublikong kaligtasan sa loob ng limang taon simula Hulyo ng taong 2025.

Ang pagpasa ng ipapataw na buwis na ito ay magbibigay-daan sa Kagawaran ng Pulisya ng King City (King City Police Department) para:

Mapanatili ang mga serbisyo ng kapulisan sa kanilang kasalukuyang antas, madagdagan ang pangangasiwa, panatilihin ang mga may karanasang opisyal, magbigay ng pagsasanay sa mga opisyal, at ipagpatuloy ang pakikibahagi sa Washington County-wide PPDS Records System. Ang halagang ito ay aabutin ng humigit-kumulang $7.88 kada buwan o $94.50 kada taon para sa isang bahay na may tinasang halaga na $150,000.

Ang iminungkahing halaga ay tinatayang makakalikom ng:

$347,684 sa 2025-26, $360,404 sa 2026-27, $373,573 sa 2027-28, $386,399 sa 2028-29, at $397,991 sa 2029-30.

**Pagpapaliwanag na Pahayag:**

NAGLALAMAN NG BOTO PARA SA PAG-RENEW NG KASALUKUYANG MGA LOKAL NA OPSYON NA BUWIS.

Noong 2020, ipinasa ng mga botante ng King City ang limang taong ipinataw na buwis para sa pulisya at mga pampublikong serbisyo. Nakatakdang magwakas ang ipinataw na buwis na iyon sa Hunyo ng taong 2025. Kung maipasa, ang panukalang-batas na ito ay magpapataw ng 63 sentimo kada $1000 ng tinasang halaga para pondohan ang pulisya at pampublikong kaligtasan sa loob ng limang taon simula Hulyo ng taong 2025.

Ang pagpasa ng ipapataw na buwis na ito ay magbibigay-daan sa Kagawaran ng Pulisya ng King City (King City Police Department) para:

Mapanatili ang mga serbisyo ng kapulisan sa kanilang kasalukuyang antas, madagdagan ang pangangasiwa, panatilihin ang mga may karanasang opisyal, magbigay ng pagsasanay sa mga opisyal, at ipagpatuloy ang pakikibahagi sa Washington County-wide PPDS Records System. Ang halagang ito ay aabutin ng humigit-kumulang $7.88 kada buwan o $94.50 kada taon para sa isang bahay na may tinasang halaga na $150,000.

Ang iminungkahing halaga ay tinatayang makakalikom ng:

$347,684 sa 2025-26, $360,404 sa 2026-27, $373,573 sa 2027-28, $386,399 sa 2028-29, at $397,991 sa 2029-30.

*Ang impormasyong ito ay ibinigay ni:* Ronnie Smith, Opisyal ng Halalan